COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-10 ng Oktubre, 2022
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

IPINAKIKILALA NG TAGAPAGREHISTRO ANG BAGO AT SECURED NA STAND-ALONE NA MGA BALLOT DROP BOX

Ang mga rehistradong botante na nakatanggap ng kanilang balota para sa Ika-8 ng Nobyembre na Pambuong-estadong Pangkalahatang Eleksyon ay maaari nang ibalik ang mga ito simula Lunes sa isa sa mga bagong opisyal na stand-alone drop box ng Tagapagrehistro.

Papunta na sa 1.9 milyong mga rehistradong botante ng County ng San Diego ang mga balotang pangkoreo para sa Ika-8 ng Nobyembre na Pambuong-estadong Pangkalahatang Eleksyon at ilan sa mga botante ay maaaring natanggap na ang kanilang balota kasing aga ng Sabado.

Ang mga botante na pipiliing ibalik ang kanilang mga balota sa isa sa mga lokasyon ng opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro ay makikita ang mga bagong dinisenyo, secured na mga stand-alone box.

Ano ba ang itsura ng mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro?

Ang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro ay pula, puti at asul na tinatampok ang logo ng Tagapagrehistro kasama ang seal ng County. Lahat ng mga box ay may tatak na “Official Ballot Drop Box” at gawa sa high grade, heavy gauge na stainless steel.

Ang bawat ballot drop box ay dinisenyo upang maiwasan ang pisikal na pagkasira at hindi awtorisadong ma-access sa mga balotang pangkoreo. Ang mga box ay mayroong double-locking access doors, anti-pry door jambs, at iba pang anti-theft construction measures. Ang retrieval team ng balota ng Tagapagrehistro ay responsable sa pangongolekta ng mga balota sa loob ng box.

Paano ko ba ibabalik ang aking balota sa opisyal na ballot drop box?

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-10 ng Oktubre, 2022
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Markahan ang inyong balota sa ginhawa ng inyong tahanan, i-seal ang nakumpletong balota sa loob ng inyong pagbabalikan na sobre, petsahan at pirmahan ang inyong pangalan sa sobreng pagbabalikan, at ibalik ito sa koreo o sa isa sa 141 mga lokasyon ng opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong county. Tandaan, kinakailangan ang inyong pirma para mabilang ang inyong boto.

Ang mga piling drop box ay makikita sa labas at available ng 24 oras kada araw hanggang sa ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Ika-8 ng Nobyembre. Lahat ng iba pa ay nasa loob at ang access para sa mga ito ay available sa panahon ng mga oras ng operasyon ng individual facility.

Dahil dito, dapat i-check ng mga botante ang oras ng operasyon ng bawat lokasyon bago sila lumabas para ibalik ang kanilang balota. Hanapin ang pinakamalapit sa inyo sa pamamagitan ng pagbisita sa online locator tool ng Tagapagrehistro.

Sa Araw ng Elekyon, Ika-8 ng Nobyembre, lahat ng mga lokasyon ng opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Ang maagang pagboto ay magsisimula rin sa Lunes sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa. Ang mga oras ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes. Gayunpaman, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na samantalahin ang kaginhawaan ng pagboto sa koreo.

Kung gusto ninyong bumoto nang personal, maaari ninyo itong gawin sa alinmang vote center sa county.

- Simula **Sabado, Ika-29 ng Oktubre**, 39 na mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Tapos simula **Sabado, Ika-5 ng Nobyembre**, mahigit 200 na mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Lahat ng mga lokasyon ng vote center ay magbubukas muli sa **Araw ng Eleksyon**, **Ika-8 ng Nobyembre**, kung saan ang oras ng pagboto ay magbabago mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-10 ng Oktubre, 2022
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Makakahanap kayo ng opisyal na ballot drop box o vote center na malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyong tingnan ito sa online sa sdvote.com.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Nobyembre na Pangkalahatang Eleksyon sa sdvote.com, tumawag sa (858) 565-5800 o sa toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER